Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-44 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 11 DISYEMBRE 2000, 9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Sinel, Jr. - Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Eduardo G. Villamin - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia - Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Juan S. Advincula - OB
Konsehal Mae Arlene M. Talens

KAPASYAHAN BLG. 124
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY KONSEHAL JESUS S. DELA CRUZ, MGA KAPATID AT MGA KAANAK NITO SA PAGPANAW NG KANILANG INA, GNG. MARCELINA SENATIN DELA CRUZ.

SAPAGKA'T, sa kulturang Pilipino, ang pamilya ay simbolo ng pagkakaisa at pagdaramayan ng lahat ng bumubuo nito, sa kasaganaan man o sa kahirapan;

SAPAGKA'T, sa kaisipang ito, ang pagpanaw ng isang miyembro ng pamilya, lalo pa't ng isang magulang ay lubhang dinaramdam at ikinalulungkot ng mga kaanak nito;

SAPAGKA'T, ang ina ng kasamang Konsehal Jesus S. Dela Cruz sa kanyang katandaan ay humarap na sa Lumikha at bagama't ito ay lubos na ikinalulungkot, ang tanging nakapagbibigay-lugod ay ang mga alaalang naiwan ng isang mapagmahal, mapag-aruga at mapagkandiling ina;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayang ito at ang mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay kay Konsehal Jesus S. Dela Cruz

at sa kanyang mga kapatid at kaanak sa pagpanaw ng kanilang mahal na ina, Gng. Marcelina Senatin Dela Cruz.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Ramil O. Dimapilis na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot kay Konsehal Jesus S. Dela Cruz, mga kapatid at mga kaanak ang taospusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayang ito sa pagpanaw ng kanilang ina, Gng. Marcelina Senatin Dela Cruz.

IPINASYA RIN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Konsehal Jesus S. Dela Cruz ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro at mga kaanak nito lakip ang tauspusong pakikiramay.

PINAGTIBAY ng lahat : 11 Disyembre 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/